## Sa mga tao na nadayagnos na may novel coronavirus (COVID-19)

Maaaring naging mahirap sa inyo ang malayo mula sa inyong tahanang bansa sa ilalim ng pandemya ng bagong coronavirus (COVID-19). Gusto sana naming magbigay ng impormasyon tungkol sa tugon sa COVID-19 sa Japan.

Sa Japan, kapag ang isang tao ay nadayagnos na may COVID-19, makikipag-ugnay ang mga tauhan ng pampublikong sentro ng kalusugan sa pasyente. Upang suriin ang mga tao na maaaring na-impeksyon kasama ng pasyente o na maaaring sumunod na magpakita ng mga sintomas, magtatanong ang mga tauhan sa inyo (ang pasyente na may COVID-19) ng mahahalagang impormasyon (edad, kasarian, adres, atbp.) at tatalakayin ang mga sumusunod na bagay.

(1) Kailan lumitaw ang inyong mga sintomas (lagnat, masakit na lalamunan, pagtulo ng uhog sa ilong, pag-ubo, mga diperensiya sa panlasa o pang-amoy, atbp.)?
(2) Anong mga aktibidad ang ginawa ninyo sa loob ng dalawang linggo bago lumitaw ang inyong mga sintomas?
(3) Sinong mga tao ang nakasama ninyo sa panahong magmula dalawang araw bago lumitaw ang inyong mga sintomas hanggang sa panahong nadayagnos kayo?

Ang COVID-19 virus ay nakukuha mula sa ibang tao sa loob ng dalawang linggo bago lumitaw ang mga sintomas, at naihahawa sa iba magmula dalawang araw bago lumitaw ang mga sintomas. Kaya batay sa mga sagot sa (1), (2), at (3), magpapasya ang mga tauhan ng sentro ng kalusugan kung sino ang susunod na susuriin. Sasabihin din ng mga tauhan ng sentro ng kalusugan na mag-iingat ang mga tao na posibleng sumunod na makararanas ng mga sintomas. Sasabihin din ng mga tauhan ang iba pang mga pag-iingat na dapat ninyong sundin.

Ang mga pagtatanong na ito ay mahalagang aksyon sa pangangalap ng impormasyon na isasagawa upang mapigilan ang pagkalat sa inyong pamilya, mga kasamahan, at komunidad. Kahit na maging pasyente kayo na may COVID-19, hindi kayo parurusahan o uutusang umalis ng bansa.

Maaaring makaranas kayo ng ilang pag-aalala at pagkabalisa kung ma-impeksyon kayo ng coronavirus sa ibang bansa at biglaang makatanggap ng tawag mula sa mga tauhan ng sentro ng kalusugan. Gayunpaman, ang aksyong ito ay ginagawa upang

protektahan ang mga tao sa paligid ninyo at ang komunidad mula sa coronavirus. Ngayon pa lang ay pinasasalamatan na namin kayo para sa inyong kooperasyon.

Sa mga tao na natuklasang nagkaroon ng mapanganib na pakikipag-ugnay sa mga tao na nasuring positibo para sa novel coronavirus (COVID-19)

Maaaring naging mahirap sa inyo ang malayo mula sa inyong tahanang bansa sa ilalim ng pandemya ng bagong coronavirus (COVID-19). Gusto sana naming magbigay ng impormasyon tungkol sa tugon sa COVID-19 sa Japan.

Sa Japan, kapag ang isang tao ay nadayagnos na may COVID-19, makikipag-ugnay ang mga tauhan ng pampublikong sentro ng kalusugan sa pasyente. Upang alamin kung sino ang mga tao na maaaring naimpeksyon kasama ng pasyente o na maaaring sumunod na magpakita ng mga sintomas, magtatanong ang mga tauhan sa pasyente. Kung malalaman na kayo ay nasa mataas na panganib ng impeksyon ng COVID-19, kokontakin kayo ng mga tauhan ng sentro ng kalusugan. Hihingi sa inyo ang mga tauhan ng mahahalagang impormasyon (edad, kasarian, adres, atbp.) at tatalakayin ang mga sumusunod na bagay.

(1) Kung kasalukuyan ba kayong nakararanas ng mga sintomas (lagnat, masakit na lalamunan, pagtulo ng uhog sa ilong, pag-ubo, mga diperensiya sa panlasa o pang-amoy, atbp.)
(2) (kung nalaman na kinakailangan ang pagpapasuri) Tagubilin kung kailan at saan magpapasuri
(3) Tagubilin na suriin at itala ang inyong araw-araw na temperatura ng katawan at mga sintomas (kabilang ang panahon kung kailan isasagawa ang mga pagsusuri na ito)
(4) Mga ispesipikong tagubilin para sa panahon ng pag-iingat at para sa paglimita sa mga aktibidad sa loob ng naturang panahon

Ang COVID-19 virus ay nakukuha mula sa ibang tao sa loob ng dalawang linggo bago lumitaw ang mga sintomas, at naihahawa sa iba magmula dalawang araw bago lumitaw ang mga sintomas. Batay sa inyong impormasyon, sasabihin sa inyo ng mga tauhan ng sentro ng kalusugan kung ano ang dapat ninyong gawin at kung gaano katagal. Magbibigay din ang mga tauhan ng sentro ng kalusugan ng payo kung ano ang gagawin kung kayo ay walang mga sintomas o lumitaw ang mga sintomas sa kalaunan, at ang mga pag-iingat na dapat ninyong sundin.

Ang mga pagtatanong na ito ay mahalagang aksyon sa pangangalap ng impormasyon na isasagawa upang mapigilan ang pagkalat sa inyong pamilya, mga kasamahan, at

komunidad. Kahit na maging pasyente kayo na may COVID-19, hindi kayo parurusahan o uutusang umalis ng bansa.

Maaaring makaranas kayo ng ilang pag-aalala at pagkabalisa kung ma-impeksyon kayo ng coronavirus sa ibang bansa at biglaang makatanggap ng tawag mula sa mga tauhan ng sentro ng kalusugan. Gayunpaman, ang aksyong ito ay ginagawa upang protektahan ang mga tao sa paligid ninyo at ang komunidad mula sa coronavirus. Ngayon pa lang ay pinasasalamatan na namin kayo para sa inyong kooperasyon.